

Chapter One



“Nag-propose na ako kay Meredith!” ani Bryce na malapad ang pagkakangiti. Kita ang kaligayahan sa mga mata nito habang umiinom ng alak.

Kulang pang sabihin na nabigla si Gwen sa ibinalita ng kaibigan at kinakapatid. Nagulat siyang talaga. Of all places, bakit naman dito pa? Sa treehouse na ginawa nito para sa kanya. At bakit ngayon pang birthday niya?

“Inaya mo na siyang magpakasal?” Baka nagkamali lang siya ng dinig.

“Yes. At pumayag na siya.” Hindi pa rin nabubura ang ngiti nito. He was oblivious to her pain. At bakit hindi siya masasaktan?

Mahal niya si Bryce. For as long as she could remember, she had this admiration for him, a feeling she could not name then dahil masyado pa siyang bata. Hanggang sa minsang marinig niya ang salitang *crush* sa mga kaklase sa school at matutong maglaro ng FLAMES.

It was then na na-realize niyang special ang damdamin niya sa kaibigan. Initials nito ang isinulat niya sa mga tanong na *who's your crush*, and *who's your first love* sa slumbook. Pero sekreto lang

ang damdamin niya dahil takot siyang magalit ito at iwasan siya. Nakontento na lamang siyang mag-ing best friend nito.

At kahit ngayong mga binata at dalaga na sila ay di pa rin niya masabi sa lalaki ang damdamin niya. Paano siya magkakaroon ng lakas ng loob, kung bukod sa BFF niya ito ay self-appointed big brother pa niya mula nang tuluyan siyang maulila? Huwag nang idagdag na halos anak na ang turing sa kanya ng daddy nito na si Tito Frank.

“P-parang ambilis naman yata.” She drank from her glass so he wouldn’t notice the slight tremble in her voice. “You’ve known her for... what? Four... five months?”

“So? Kailangan ko pa bang patagalin ng hang-gang ilang taon bago ko masiguro sa sarili ko na si Meredith na nga ang babaeng nais kong makasama habambuhay?”

“H-hindi naman sa ganoon. Kaya lang...” Ano ba ang puwede niyang idahilan? “Si Tito Frank, ano ang sinabi niya?”

He shrugged. “Alam mo naman si Daddy, hindi siya nakikialam sa love life ko. Pero sinabi ko na din sa kanya. Wala siyang tutol.”

“I see,” malungkot niyang tugon. Lumaylay ang kanyang mga balikat. Dalangin niya na sana ay tumutol ang kanyang ninong.

Muli siyang nagsalin ng alak sa baso. At dahil

nakatingin ito sa kanya, napansin nitong napaparami na ang kanyang inom.

“Hey, tama na ’yan. Hindi porque’t birthday mo’y p’wede ka nang maglasing,” pabirong sita ni Bryce na kinuha sa kanya ang bote ng imported red wine. She whined, pero hindi siya nito pinansin.

“Bakit ba? Ngayon lang naman. At saka, double celebration tayo, di ba? Dahil bukod sa birthday ko, malapit ka nang ikasal,” pagmamaktol niya. Nahimigan siguro nito ang sarcasm sa boses niya.

“Gwen, is something wrong? Hindi ka ba masaya na ikakasal ako kay Meredith?”

Kung sasagot kaya siya ng oo, ano kaya ang gagawin nito? Tiyak na magagalit ang binata at sabihan pa siyang selfish.

Mula nang bumalik ito ay hindi iyon ang unang pagkakataon na nagkaroon ito ng girlfriend. Si Bryce iyong drop-dead gorgeous type, he was ruggedly handsome at malakas ang sex appeal. Pero kahit nagselos ay hindi siya na-threaten sa mga naging girlfriends nito noon. Dahil siya pa rin ang priority ng binata. But Meredith was different. Halatang patay na patay si Bryce dito. And the girl took it to her advantage. At magmula noon ay unti-unti nang nawalan ng panahon sa kanya ang kinakapatid niya.

No! Hindi nito dapat malaman na tutol ang kalooban niya. Baka makahalata pa ito sa tunay

niyang damdamin, and that would be the end of their friendship. Hindi kaya ni Gwen na mawala si Bryce sa buhay niya. She'd settle for having him as a friend than not having him at all.

"I'm sorry, Bryce. Nabilisan lang ako sa pang-yayari."

Umupo ito sa tabi niya. "Nag-aalala ka bang hindi na maging katulad ng dati ang samahan natin kapag may-asawa na ako?"

Not finding the strength to speak, she nodded.

"Queenie, I know some things will change. Pero tandaan mo na hinding-hindi magbabago ang pagtingin ko sa iyo. You'll always be my best friend and my younger sister. At kahit pa mag-iba na ang priorities ko, I'll always be here for you. All you need..." pahayag ni Bryce na hinimas ang kanyang buhok na para siyang isang batang musmos na inaalo nito, "is call and ask."

Gwen smiled sadly. Ano pa nga ba ang dapat niyang asahan? Masasaktan lang siyang lalo kung hindi pa niya tatanggapin na hanggang doon lang talaga ang feelings sa kanya ng binata. Maybe they were meant to be just like that. Friends!



Malalim na ang gabi at nasa kanyang silid na si Gwen. Hindi pumayag si Bryce na hindi siya maihatid kahit pa ilang hakbang lang ang pagitan ng bahay nila sa mga ito.

Matalik na magkaibigan ang kanilang mga ama. Inaanak si Bryce ng daddy niya. Ayon kay Tito Frank, nakadiapers pa raw siya noon ay malapit na siya sa binata. They had developed an unusual fondness for each other. Fondness that later grew into friendship nang magkaisip sila. At sa kaso niya, the friendship bloomed into something more.

Thirteen years old siya nang kinailangan ni-tong umalis upang mag-aral sa ibang bansa. Ang tindi ng iyak niya dahil first time na magkakalayo sila. Nang unang mga taon ay walang patlang at regular ang communication nila. But as the years went by, unti-unti na iyong dumalang. Alam niyang abala ang lalaki sa pag-aaral. But her young heart believed that he had already forgotten her. That he had allowed distance to completely tore apart the special bond she thought they had. At kahit masakit sa loob niya, she chose to move on.

As she grew older, she met new personalities, made new friends, shared new crushes. Ang bahagi ni Bryce sa buhay niya ay itinuring niyang magagandang alaala ng kahapon. She taught herself not to miss him, to not even mention his name or fantasize what he looked like. Iyon lang ang paraan para tuluyan siyang makalimot.

Unti-unti siyang lumikha ng sarili niyang mundo sa ilalim ng araw. Hindi na niya inisip na babalik pa si Bryce. At hindi rin niya inasahan na ang dam-

daming inakala niyang naialis na niya sa kanyang puso ay natulog lang pala.

Tatlong taon na ang nagdaan mula nang bumalik ito. Nanumbalik ang closeness nila ng binata. Closeness na lalo pang nadagdagan nang biglang mamatay ang daddy niya two years ago dahil sa heart attack. Lalo tuloy itong naging overprotective sa kanya. Unexpectedly, she was no longer just a friend but a baby sister too. The situation made it more difficult for her to make him aware of her true feelings.

Biglang tumunog ang kanyang cellphone. Pinahid muna niya ang luhang naglandas sa kanyang mga pisngi bago iyon sinagot.

“Hello,” aniya sa paos na tinig.

“Bakit gising ka pa?” usisa ni Bryce.

Naisip niyang magsinungaling. “N-nagising ako sa tawag mo.”

“Liar.” She heard him sigh. “Gwen, please don’t do this to me.”

“W-wala naman akong ginagawa sa iyo.”

“You’re making me feel guilty.”

“Why?”

“Because,” he muttered something unintelligible.

“Bryce, listen to me.”

“Gwen, I...”

Masakit sa loob niyang magsalita nang hindi

ayon sa kanyang nararamdaman. Ngunit alam niya kung ano ang gusto nitong marinig mula sa kanya. And if that's what will make him happy, she'd gladly say it. Ganoon naman talaga ang pag-ibig. Isasakripisyo ng isang tao ang sariling kaligayahan makita lang na masaya ang mahal nito. At mahal ni Gwen si Bryce.

“Honestly, I'm happy for you and Meredith. At huwag mo na lang akong pansinin dahil nabigla lang talaga ako. But I'm okay now. Kung sa tingin mo'y magiging masaya ka sa piling niya, then go. Sundin mo ang puso mo. Kung saan ka masaya, masaya rin ako para sa iyo.”

Sandaling natahimik ang binata, may doubt pa rin sa tinig nito nang muling magsalita. “Are you sure? Baka naman...”

“Hay naku! Bakit ba ang kulit mo?” she resorted to humor. Mabuti na lang at sa telepono lang sila magkausap. Hindi nito nakikita ang pagtulo ng kanyang luha.

“Okay, kung talagang nagsasabi ka ng totoo, patunayan mo.”

“How? By being her maid of honor?”

“Yes,” Bryce said.

She was expecting that. Another pin pricked on her already wounded heart.

“O-oo naman. B-but I still think you'll have to ask Meredith first. Baka may napili na siya.”

“Hindi pa namin pinag-uusapan ang details ng kasal. Pero kahit na may napili na siya, hindi ako papayag. Ikaw ang gusto kong maging maid of honor.”

Mas okay kung huwag na lang. “S-sige, ikaw ang bahala.”

“And one more thing. I’m planning an engagement party. Surprise ko iyon para kay Meredith.”

“W-what do you want me to do?”

“P’wede bang ikaw na ang mag-organize? You know me, pagdating sa mga ganyan, wala akong idea.”

Inilayo niya ang cellphone dahil baka marinig nito ang kanyang paghikbi. Kung literal na may binabaril na martir sa Luneta, baka nakapila na siya.

Nang sa tantya ni Gwen ay kalmado na siyang muli, saka niya ito kinausap.

“Gwen?”

“I.. I’m still here.”

“Bakit nawala ka?”

“Ano kasi... may itinanong lang si Y-Yaya,” pag-sisinungaling niya.

“Ganoon ba?” Muli nitong inulit ang pakiusap.
“Ano, okay lang ba?”

“S-sure. I-ibigay mo sa akin ang lahat ng details and I’ll take care of it.”

“Great! You’re the best best friend in the world!

Mahahalikan kita!”

Halata ang excitement sa tinig ni Bryce. Masaya ito habang umiiyak ang puso niya. Suddenly, it was all too much.

Nagdahilan siyang inaantok na kaya sinabi nito tong susunduin na lamang siya kinabukasan upang pag-usapan ang engagement party na pinaplano nito. Hindi na niya hinintay na magpaalam ang kaibigan. She turned her phone off, sumubsob sa unan at doon pinalaya ang luhang kanina pa niya pinipigilan.

Mayamaya ay tumihaya siya at suminghot. Bakit kasi sa dinami-rami ng nagkakagusto sa kanya ay si Bryce pa ang pinili ng kanyang puso? Kung sana ay platonic love na lang ang naramdaman niya, hindi sana siya umiiyak ngayon.

Muli siyang suminghot at huminga nang malalim. She closed her eyes to sleep. Mga imahe ni Bryce ang kaulayaw niya sa kanyang panaginip. Ang mga araw noong musmos pa sila, the day he said farewell, and the day he came back. The last one made her smile. Nakakatuwa kasi ang muli nilang pagkikita.



Chapter Two



*You shut your mouth how dare you
say*

*I go about things the wrong way
I am human and I need to be loved
Just like anybody else does*

Malakas ang tugtog na nagmumula sa stereo ng thunder grey BMW motorbike na pinatatakbo ni Bryce. Ala una na ng madaling-araw at kasalukuyang binabaybay niya ang kahabaan ng EDSA. Iilan lamang ang mga sasakyang nakakasabay niya, kaya nagagawa niyang patakbuhin ng lagpas sa speed limit ang motorsiklo. He was enjoying the wind brushing against his face, dahil bukas ang helmet na suot niya, nang mapansin niya ang pulang CR-V na nasa unahan. Wala sa direksyon ang takbo nito. The car was zigzagging at kung nagkataong mabilis ang takbo nito ay kanina pa ito nabunggo. Nagmenor siya at inobserbahan ang kotse, ngunit hindi pa rin naging maayos ang takbo nito. Alin na lang sa dalawa, lasing o nakatulog ang driver?

Masama ito, naisip ng binata. Paakyat na sila sa Magallanes flyover. Kung hindi siya gagawa ng paraan ay baka maaksidente ito.

Muli niyang tiningnan ang paligid niya. Malayo pa ang pagitan ng kasunod na mga sasakyan. May oras pa siya. Pinatay niya ang stereo at pinaharurot ang motorsiklo upang makasabay sa CR-V. Nang matapat siya sa driver's side nito ay nakita niya sa bukas na bintana ang dahilan kung bakit abnormal ang takbo ng sasakyan.

A woman! Napailing siya. And she was asleep! Sinikap niyang makalapit pang lalo sa kotse pagkatapos ay bigla niyang diniinan ang busina ng motor. Sa pagkagulat ng driver na biglang nagising sa ingay na nilikha niya ay bigla nitong nakabig ang manibela, maneuvering the car away from him and toward the concrete railing. Mabuti na lamang at nagawa nitong magpreno bago pa sumuro ang unahan ng kotse nito.

Bryce hurriedly parked the motorcycle in front of the car. May pagmamadaling lumapit siya sa kotse just in time to see the driver come out of it.

“Miss, are you okay?” he asked worriedly. Mukhang hilo pa ang dalaga.

“You jerk! Hindi mo dapat ginawa iyon!” Bigla itong humarap at binulyawan siya. Hindi niya gaanong makita ang mukha nito kanina. But now... “Tingnan mo ang ginawa mo! Muntik nang mabunggo ang sasakyan ko. Alam mo ba kung magkano ang bili ko dito?” mataray pa ring litanya nito habang iniinspeksyon ang sasakyan. Nag-init

naman ang mga pisngi ni Bryce at sinundan ang estranghera. Diyata't siya pa ang sinisisi nito!

"Hey, kung hindi mo alam, nanaginip ka na kanina sa ibabaw ng manibela mo. Kung hindi kita nakita, baka hindi lang iyan ang inabot mo!"

"I wasn't sleeping! Napapikit lang ako!"

"Napapikit?" Exaggerated na natawa ang binata. "Hindi iyon ang nakita ko kanina."

"Pakialamero ka kasi! Tabi nga diyan!" Tinabig siya nito bago nagmartsang sumakay uli ng kotse. Nakamata lamang siya. Muli nitong binuhay ang makina at nagmamadaling pinaandar ang sasakyan palayo. Nag-iwan ito ng makapal na usok, leaving Bryce in disbelief.

"Ungrateful wrench!" he cursed, pero may amused na ngiti sa kanyang mga labi. Isinuot niyang muli ang helmet at lumulan sa motorsiklo. Naililing na pinaandar niya iyon.

It couldn't be her. Hindi ganoon ka-reckless ang babaeng iniwan niya eight years ago. Hindi ito ang tipo na magpapaabot ng madaling-araw sa kalye. Though the physical similarity was astounding.

How will you know? She was only thirteen when you left.



Gwen marched inside her room. She was really furious! Kung bakit kasi nangahas pa siyang umuwi all the way from La Union. Muntik na tuloy siyang

maaksidente at kung hindi dahil sa lalaking iyon...

Damn that man! she muttered. Pero tama ito. Nakatulog siyang talaga dahil sa pagod. At tinakpan lamang niya ng galit ang pagkapahiya kanina.

Dalawang araw ang inilagi niya sa La Union para sa shoot ng isang body lotion commercial. She wasn't a professional model. Nakatuwaan lamang ng kaibigan niyang si Teri na nagtatrabaho sa isang advertising firm na ipakita ang picture niya sa mga boss nito. Kasalukuyan palang naghahanap ang mga ito ng bagong mukha at natipuhan siya. Doon na nagsimula ang pangungulit ni Teri sa kanya. Sa bandang huli ay napapayag din siya nito.

Patamad siyang nahiga sa kama matapos alisin ang kanyang sapatos. She was really exhausted. Hindi niya akalaing ganoon pala kahirap ang maging isang model. Ipinikit niya ang mga mata at muling sumagi sa isip niya ang aksidente kanina. Mabuti na lamang at mabait ang lalaking iyon.

But you called him a jerk! sabi ng kanyang konsyensya. She winced. Mali nga yata ang inasal niya kanina. She should have thanked him, pero inaway pa niya ito at tinawag na pakialamero.

Cute pa naman, anang konsyensya niya.

Naiinis na dumapa siya at isinubsob ang mukha sa unan. She really needed to sleep.

Alas tres na ng hapon nang nagising si Gwen. Kumakalam na ang kanyang sikmura. Iinat-inat

siyang bumangon at humarap sa salamin. Suot pa rin niya ang damit kahapon at ni hindi man lamang niya natanggal ang makeup sa mukha. Iiling-iling na pumasok siya sa banyo para maligo.

Makalipas ang isang oras ay bumaba na siya para kumain. Nangunot ang noo niya nang marinig ang mga tinig sa loob ng family room. Tinungo niya ang pasilyo patungo sa nasabing silid. Sa nakaawang na pinto ay nakita niya ang ama na masayang nakikipaglaro ng billiards kasama si Tito Frank. Napangiti siya.

Sosorpresahin sana niya ang mga ito, pero siya ang nasorpresa nang pumasok siya. Muntik na silang magkabungguan ng matangkad na lalaking galing sa mini bar na nasa alcove sa gawing kanan. *When she turned to face him, she met those soft grey eyes, as grey as the sky with a brewing storm.*

Biglang naumid ang dila niya at wala siyang nagawa kundi ang titigan ang mga mata nito. *Odd! Bakit parang may magnet ang mga mata ng lalaki that she could not turn her gaze away? At bakit parang tambol din sa bilis ang puso niya habang nakatitig dito? The guy smiled exposing white, even teeth. She felt the familiar thud of her heart.*

“So, we meet again,” wika nito sa baritonong tinig. Nangunot ang noo niya sa sinabi nito. *Had she met him somewhere? Pamilyar ang mukha nito. Then she remembered.*

“You!” naibulalas niya. He was the one who helped her on the highway. Pero bukod sa realization na iyon, may pakiramdam siyang matagal na niya itong kilala. Pilit niyang kinapa sa utak kung saan ito unang nakita.

“O, heto na pala ang anak ko,” ani Don Luis Aldemar, ang kanyang ama.

Lumapit siya at humalik sa dalawang matanda. “Hello, Dad, Tito Frank.”

“Ako, wala ba akong welcome kiss?” tanong ng lalaking hindi niya talaga maalala kung kailan niya unang nakilala. Inirapan niya ito.

“Mukhang hindi ka na kilala nitong dalaga ko,” biro ng kanyang ama.

“Mukha nga, Ninong,” natatawang tugon nito. Ninong? ulit niya sa isip na napamulagat.

“Nice to see you again, Queenie.”

Queenie... isang tao lang ang nagbinyag sa kanya ng ganoon dahil sa kanyang pangalan na Guinevere.

“B-Bryce?” she said almost inaudibly.

Lumapad ang pagkakangiti ni Bryce. “Kumusta ka na, Gwen? Nakauwi ka ba nang maayos kagabi? Or should I say, kanina?”

Bigla siyang namula.

“Kanina? Anong oras ka ba nakauwi?” sabat ni Don Luis.

Napangiwi si Gwen. “A-alas dos na po.”

“Ng madaling-araw? At nagkita na kayo?” Kilala niya ang ganoong tono ng ama. Dahil kaisa-isang anak ay masyado itong protective sa kanya. At kabisado na niya kapag nagtataas na ito ng boses. Alam niyang iba na ang iniisip nito.

“Hindi lang sinasadyang magkita kami, Ninong,” sabad ng binata. Gwen gave him a warning look, but he just smiled devilishly. Parang gusto na tuloy niyang agawin ang baso na hawak nito at isaboy rito ang laman niyong alak, just to wipe that smirk off his handsome face. Pero alam niyang lalo lamang magkakagulo kapag ginawa niya iyon. Tahimik siyang nanalangin na sana’y hindi nito sabihin ang totoo.

“Sa EDSA kami nagkita. I saw her car parked beside the highway. May nag-loose connection lang sa makina. I just stopped by to help,” paliwanag ni Bryce. Nakahinga siya nang maluwag nang makitang tila nakontento naman ang kanyang ama sa sinabi nito.

“Mabuti naman kung ganoon. Akala ko’y... Kung bakit naman kasi hindi mo pa ipinagpaliban ang pag-uwi hanggang sa mag-umaga, Hija. Mabuti na lamang at si Bryce ang nakakita sa iyo. What if a maniac or a serial killer saw you instead?” panenermon ni Don Luis.

“Daddy naman ...” nakalabing sagot niya. Sa sulok ng kanyang mga mata ay nakita niya ang

kaaliwan sa mukha ng kanyang Tito Frank. And she bet Bryce was smiling too. Dahil doon ay namula siya sa pagkapahiya.

“Kumpadre, huwag mo nang pagalitan ang anak mo. Baka masyado ka lang niyang na-miss, kaya kahit alanganing oras ay nagpilit siyang umuwi. Anyway, wala namang masamang nangyari. Let’s just be thankful for that, di ba, Hija?” The old man smiled and winked at her.

She smiled in return. Thank God for allies, she said to herself.

“I guess you’re right,” sang-ayon ng kanyang ama. “But promise me you won’t do that again, Guinevere,” he said in a reprimanding tone.

“O-opo,” sagot na lamang niya. Nang muli siyang sumulyap sa kinakapatid na si Bryce ay malapad ang pagkakangiti nito. Ngani-nganing batukan niya ito gaya ng madalas niyang gawin noon kapag pinipikon siya nito. Kumindat pa ito nang magtama ang kanilang mga paningin. Naniningkit ang mga matang iningusan niya ang binata.

“Ang mabuti pa’y kumain na muna tayo. Baka hindi pa nanananghalian si Gwen,” suhestyon ni Tito Frank.

Nagpatiuna ang dalawang matanda, kasunod siya at ang kinakapatid. When Bryce called her, hindi niya ito pinansin.

She ate in silence, taliwas sa dati niyang gawi

na nagkukuwento kahit may laman ang bibig. Panay ang tanong ni Bryce kung ano na ang pinagkakaabalahan niya. Sinasagot lang niya kung ano ang tanong nito. Hanggang sa makahalata rin ito na ayaw niyang makipag-usap. Hindi naman binigyang kahulugan ng dalawang matanda ang tensyon sa pagitan nila.

Nang matapos silang kumain ay nagdahilan si Gwen na masakit ang ulo at magpapahinga na sa kanyang silid. Hindi na niya hinintay ang pagpayag ng kanyang ama. Humalik siya at nagpaalam din sa kanyang Tito Frank, and gave Bryce a customary nod then left the dining room.



Kinabukasan ay maaga siyang pumasok sa opisina. BS Psychology graduate siya at kasalukuyang manager ng King Arthur's, isang three-star hotel and restaurant na pag-aari ng kanyang ama.

Hindi sila nabibilang sa filthy rich. At bukod sa modest four-bedroom, two-storey house at ang hotel ay wala na silang iba pang malaking pag-aari. Nagkataon lamang na sinuwerte sa negosyo ang kanyang daddy at nakapagpundar ng pinagkakakitaan nila ngayon.

“Hi, Gwen!” bati ng kaibigan at assistant na si Lally. “Ang aga mo yata?”

“Aayusin ko pa kasi 'yung preparation para sa

awarding ceremony ng NXP.”

“Sus! Ayos na po iyon.”

“Gusto ko lang makasiguro na walang palpak. First time nilang kunin ang services ng hotel. At ayokong mapahiya.”

“Perfectionist ka talaga,” biro nito. “Uy, kilala mo ba iyong hunk na kasama ng daddy mo?”

“Narito na si Daddy?” Ang akala niya ay nasa kuwarto pa ito nang umalis siya.

“Nauna lang nang kaunti sa iyo. At may kasama siya, Teh!”

Parang kinikiliting pusa ang kanyang kaibigan. At may idea na siya kung sino ang kasama ng kanyang ama.

“Baka si Bryce iyon. Kinakapatid ko.”

“Kailan ka pa nagkaroon ng ganoon ka-cute na kinakapatid?”

Tinaasan niya ito ng kilay. “Hay naku, oo na! Hayaan mo’t ipapakilala kita mamaya!”

Kulang na lang ay pumalampak si Lally sa excitement. Naiiling na itinaboy niya ang assistant.

Matapos ayusin ang gamit sa opisina ay lumabas siya upang puntahan si Don Luis sa opisina nito. Hindi nga siya nagkamali, naroon si Bryce at kausap pa ang sekretarya ng kanyang ama. Kaagad umasim ang kanyang mukha. Naalarma naman ang empleyada nang makita siya.

“Good morning!” bati nito.

“Hello, Bryce,” matabang niyang sagot bago ito nilagpasan, derecho sa private office ng kanyang ama.

“Wala si Ninong sa loob.”

Lumingon siya sa lalaki. “Saan siya nagpunta?”

“Doon yata sa room noong isang guest ninyo. College friend niya yata. Baka mamaya na raw ang balik niya dahil kakain pa sila.”

“So he left you in-charge?”

“Actually, hindi naman ako magtatagal. Alam niya kasi na pupuntahan mo siya so he asked me to stay for a while to tell you where he went.”

“I see.” She shrugged. “Well, ngayong nasabi mo na, p’wede ka nang umuwi. Salamat nga pala.” Bumalik siya sa opisina nang hindi man lang hinintay ang isasagot nito. Hindi niya inasahang susundan siya ng binata.

“What is the matter with you?” sita nito. Gwen shot him a questioning look. “Kahapon mo pa ako binibigyan ng cold treatment. Bakit pakiramdam ko’y hindi ka masaya na nagbalik ako?”

Walang sigla ang naging tawa niya. “Come on, Bryce, inaasahan mo bang magtatatalon ako sa tuwa dahil lang bumalik ka? I’m not the thirteen-year old girl anymore. Nag-mature na ako. You’re back. No big deal!” aniya sa mahinahong tinig. “It’s not like you miss me, so why pretend that you do?”

“Because I do! I do miss you, damn it!” Nagulat

siya sa galit na nahimigan sa tinig nito. “I know I’ve taken you for granted and I’m so sorry! Hindi ko sinasadya. And I won’t even try to explain. But I’m here now, and I want things to be the way it was before between us. Gusto kong makasama muli ang best friend ko.”

Puno ng pakiusap ang tinig nito that she couldn’t even tear her gaze away. If there was one thing she loved most about Bryce, it’s his sincerity. Hindi ito nagsasabi ng sorry kung hindi bukal sa loob nito.

“Gwen, tell me what to do para mapatawad mo ako. If you want me to fetch you everyday, I will. Humingi ka ng kahit ano, basta kaya kong ibigay, ibibigay ko.”

May kapilyuhang pumasok sa isip niya. “Kahit ano? Seryoso ka?” she smiled impishly. Napalunok muna ito bago alanganing tumango.

By the end of the day, mayroon na siyang isang bagung-bagong netbook na halos one hundred thousand ang halaga.



Chapter Three



“Diyang tayo sasakay?”

“Oo. Bakit ano’ng problema?”

Hindik na tiningnan niya ang kasama. “Bryce, motorsiklo ’yan.”

“Alam ko. It’s a BMW S1000RR racer!” proud pang sabi nito.

“I don’t care kung ano pang model ng motorsiklo iyan! I’m not riding that!”

“Queenie, nasaan na ang sense of adventure mo?”

“Basta! Hindi ako pupunta ng Batangas gamit iyan!”

May dadaluhan silang kasal ng kaibigan nito sa Tuy, Batangas. Bukas pa iyon pero dahil isa ito sa mga abay, nagpasya na silang pumunta roon nang mas maaga. May maliit na resthouse ang pamilya ni Bryce na puwede nilang tuluyan. Ang problema nga lang, gusto nitong ang motorsiklo ang gamitin papunta roon.

“Naman, Gwen...”

“Gusto mo na ba akong patayin?”

Nang minsan kasing pumayag siyang umangkas sa motorsiklo nito ay halos ilabas na niya ang bituka pagkatapos. Nalulula siya kapag nakikipagsabayan ang motor sa malalaking sasakyan sa highway.

Pakiramdam niya ay sesemplang sila anumang oras o pailalim sa isa sa mga bus. Para siyang ibinabad sa suka nang marating nila ang pakay. At ang bruhong kaibigan niya, sa halip na maawa ay halos gumulong pa sa katatawa at katutukso sa kanya.

“Kung gusto mong samahan kita, ’yung CR-V na lang ang dalhin natin. Sagot ko na ang gasolina.”

Nagkamot ito ng ulo. Hindi naman issue iyong gastos sa fuel. Mas gusto lang talaga ni Bryce ang motorsiklo kaysa sa kotse.

“Sige na nga! Takot ko lang sa iyo.”

“Masama yata ang loob mo.”

“Hindi!” Nilapitan siya nito at niyakap. “Alam mo namang ikaw lang ang gusto kong kasama sa mga lakad ko.”

“Hmph! Kunwari ka pa. Kung hindi ko pa alam, second option mo lang ako dahil nag-break kayo ni Minette.”

“Correction! Ikaw talaga ang choice ko. Saka nakalimutan mo na bang ako ang nakipag-break kay Minette?”

Ikatlong girlfriend na ni Bryce ang nabanggit na babae mula nang nagbalik ang binata mula sa California. Ganoon ito katinik sa chicks. Pero kahit naman nagseselos siya, hindi siya nababahala. Dahil mas sweet pa rin sa kanya ang kinakapatid kaysa sa mga naging kasintahan nito. At sa tuwing kailangan niya ang kaibigan ay kaagad itong nasa tabi niya. Ni

hindi nga yata nito dinamdam ang pakikipagkalas sa naging girlfriends.

Nalilito si Gwen sa sitwasyon nila, sa klase ng relasyon na mayroon sila. Maraming nagkakamali na magkasintahan sila. Maraming hindi naniniwalang best friends lang ang turingan nila. Paano ba naman ay animo love birds sila na di mapaghiwalay. Malambing at super attentive sa kanya si Bryce. At ganoon din siya rito. Minsan nga'y gusto niyang isipin na magkasintahan talaga sila, na physical intimacy na lang ang kulang. And everytime na pinagpapantasyahan niyang mag-on na sila, she felt herself loving him more.

“Ako na ang magda-drive.”

Ibinigay niya rito ang susi ng CR-V. Habang kinokondisyon nito ang makina ng sasakyan ay pahangos silang nilapitan ng isang katulong.

“Ma’am Gwen! Si Sir Luis po, nag-collapse sa sala!”

Kumabog kaagad ang dibdib niya. She rushed to her father’s side. Nakabulagta nga ito sa sahig, sa sala.

“Daddy?” umiiyak na tawag niya rito. Naging maagap si Bryce. Isinakay ito ng binata sa likurang upuan ng CR-V bago siya pinasakay katabi nito.

Ilang minuto pa’y narating na nila ang pinakamalapit na ospital. Naitawag na rin nito ang emergency sa ama at sinabi kung saan sila pupunta.

Sa ICU kaagad ipinasok si Don Luis matapos i-check up sa emergency room. It was a fatal heart attack, ayon sa doctor. At mapalad nang abutin pa raw ito ng kinabukasan.



Walang tigil sa kaiiyak si Gwen. Nanginginig ang buong katawan nitong yakap ni Bryce.

“Shh... it’s going to be all right, Queenie,” bulong niya sa dalaga. The wedding was totally forgotten. Tatawag na lamang siya mamaya sa kaibigan niya. Gwen needed him more at hindi niya ito iiwan.

“H-huwag m-mo a-akong i-iiwan...” anito sa pagitan ng paghikbi. Hinigpitan pa niya ang pagkakayakap sa babae. She hugged him back and wailed. Hinayaan lamang niyang umiyak ito.

Frank Esteves arrived an hour later.

“Kumusta na si Luis?”

“He’s not good, Dad. Second heart attack na pala ni Ninong. Let’s just hope for a miracle.”

Napamura ang matandang don. Puno ng awang tinitigan nito ang dalagang nahimbing na sa kandungan ni Bryce sa pagod marahil sa kaiiyak.

“How about her?”

Hinaplos ng binata ang buhok ng natutulog na si Gwen. His hold on her tightened. She stirred and on impulse ay yumuko siya at hinalikan ito sa noo.

“Kanina pa siya umiiyak. Mabuti nga’t nakatulog.”

“I hope we get that miracle, Bryce. Mahal na mahal ni Gwen ang kanyang ama. I hate to see her devastated kapag hindi nakaligtas si Luis.”

Isipin pa lang kung paanong masasaktan ang kinakapatid ay parang gusto na ring madurog ang puso niya. Sa lahat ng ayaw niya ay ang makitang malungkot si Gwen.

“I hope so too, Dad.”

“Excuse me,” pukaw ng isang nurse sa kanila. “Gising na po ang pasyente. He’s asking for Miss Gwen.”

Bahagyang niyugyog ni Bryce ang dalaga. Nang magising ito ay sinabi niyang hinahanap ito ng ama. Wala sa sariling tumayo ito kaagad at muntik pang mabuwal kung hindi niya naalalayan. Sinamahan niya ang kaibigan hanggang sa ICU.

“D-Daddy?” mahinang tawag ni Gwen sa ama. May nakakabit dito na wire mula sa heart monitor at oxygen tube.

“Oh, Baby, I’m so glad to see you,” the old man said weakly. Malungkot ang ngiting makikita sa mga labi nito.

“You got me worried... will you be okay now, Dad?”

Umiling ito. “I’m sorry, Baby... b-but I c-can’t stay longer, e-even if I w-want to. T-tinatawag na ako ng m-mommy mo, Hija...”

Biglang humagulgol ng iyak ang dalaga.

“D-Daddy... please... don’t leave me...”

“Oh... Gwen...” Sandaling humugot ng malalim na hininga si Don Luis. “I... love... you.”

“I love you too, Dad! I love you so much!”

Again, he smiled weakly. “B-Bryce?” Lumapit ang binata nang senyasan siya nito. “P-please... take care... of my daughter... Keep her safe.”

He cleared his throat. “I will, Ninong. Pangako iyan!” Sumenyas itong muli na ilayo na niya si Gwen. Hinawakan niya ang kaibigan sa magkabilang balikat at pilit itinayo.

“No! Please... Daddy... d-don’t go!”

Pero nakapikit na ang matanda. At tumunog na rin ang flatline sa heart monitor nito.



Narinig ni Gwen ang pagbukas at pagsara ng pinto. Pero hindi siya nag-abalang lingunin ang pumasok. Hinigpitan niya ang pagkakayakap sa paboritong unan at isinubsob doon ang mukha.

Why can’t everyone just leave her alone?

Kanina pa labas-masok ang mga katulong at pinipilit siyang kumain. Even her Tito Frank called para lang pagsabihan siya.

“Andeng, kanina ko pa sinasabing busog ako. Please, pabaya n’yo na lang ako.”

“Magkakasakit ka kapag hindi ka kumain.”

Napapikit siya nang marinig ang tinig ni Bryce. Isang linggo na ang nagdaan mula nang

mailibing ang daddy niya. At nang mga panahong namimighati siya ay ang binata ang kasama niya. He never left her side at kahit natutulog siya ay alam niyang nakabantay ito sa kanya. Bryce became her strength at nagpapasalamat siya sa presence nito. But right now, mas gusto niyang mapag-isa.

“Please, Bryce. Saka na lang tayo mag-usap. I’m not really in the mood right now.”

She expected him to leave. Pero sa halip ay nahiga ito sa tabi niya, one arm embraced her from behind, his lithe body pressed warmly against her back.

“Gwen, I know how hard this is for you. Pero hindi tamang pahirapan mo ang sarili mo nang ganito,” bulong nito sa kanya, his breathe tickling the sensitive area behind her earlobe. Kakaibang kilabot ang naramdaman niya, kilabot na wala namang kaugnayan sa pagkamatay ng kanyang daddy. “Come on!” Tumayo ito at hinila ang isang kamay niya. Napabangon siyang bigla.

Napangiwi si Bryce nang makita ang hitsura niya. Kahit lagpas na sa ala una ng hapon ang oras ay naka-pajama pa siya.

“Pumasok ka sa banyo at maligo. Maghihintay ako sa sala. Kapag hindi ka bumaba after twenty minutes, aakyat ako ulit dito at ako ang magpapaligo sa iyo! Understand?” Hindi niya makuhang sumagot. “Hindi ako nagbibiro,

Guinevere. Nagkakaintindihan ba tayo?"

She nodded meekly.

He grinned. "Good!" At lumabas na rin ito ng silid niya.

Hindi makapaniwalang napatitig si Gwen sa pintong nilabasan ng kaibigan. And for the first time since her father's death, nagkahugis ang isang ngiti sa kanyang mga labi. Tinungo niya ang built-in closet at kumuha roon ng bagong maisusuot. Alam niyang kapag seryoso si Bryce ay ginagawa talaga nito kung ano ang sinabi. A blush crept up her cheeks nang ma-imagine niya ang sariling pinapaliguan nito. And the small smile turned into giggles.



"Saan mo ba ako dadalhin? Akala ko ba kakain tayo?" Hila-hila siya ni Bryce papunta sa kung saan. Inaya siya nito sa malawak na bakuran ng mga Esteves dahil may surprise daw ito sa kanya. And to add to the suspense, piniringan pa nito ang kanyang mga mata.

"Shh! Malapit na tayo. Relax ka lang."

Dahan-dahan ang paglalakad nila dahil nga nakapiring siya.

"Ayan, nandito na tayo. Alisin mo na ang blindfold mo." Inalis niya ang piring

Umawang ang kanyang bibig. "Bryce!" Sa excitement ay wala siyang mahagilap na sabihin.

"Welcome to King Arthur's Court!" anito na

yumukod pa.

Maluha-luhang pinaglipat niya ang tingin sa kaibigan at sa treehouse na nasa itaas ng malaking puno ng narra.

“I-Ikaw ang gumawa niyan?”

“Of course! Sino pa ba? Pero ang tagal kong ginawa iyan, ha? Maganda ba?”

Yari sa tabla ang treehouse na tantya ni Gwen ay may dalawang metro ang lapad, tatlong metro ang haba, at dalawang metro’t kalahati ang taas. May maliit na terrace at napapalibutan ng railings na yari rin sa kahoy. May wooden staircase din na magmula sa lupa ay ipinaikot sa katawan ng puno hanggang sa pinakaentrada ng treehouse.

Hindi lang iyon maganda. “It’s... perfect! Oh, Bryce, I love it!”

“Halika, binyagan natin.”

Maingat silang umakyat ng hagdanan. Ni hindi man lang umuga ang treehouse nang tanggapin niyon ang pinagsama nilang bigat. Mukhang matibay ang pagkakagawa rito ni Bryce.

“Ikaw ba talaga ang gumawa nito? Ikaw lang mag-isa?”

Alam niyang artistic ang binata. Kaya nga bukod sa pagiging chemist ay professional photographer din ito. Pero hindi siya naniniwalang nakaya nitong buuin ang ganito kalaking treehouse.

“Actually...” Nagkamot ito ng ulo. Ganoon

ang mannerism nito kapag nahuhuli niyang nagsisinungaling. “I had help.”

Bigla siyang napabunghalit ng tawa. “Ang yabang-yabang, di naman pala siya ang gumawa!” buska niya.

“Ako kaya ang nakaisip ng design nito.” Kunwa’y masama ang loob na sumimangot si Bryce. “Sige, pagtawanan mo ako.”

She giggled and pinched his cheeks. “Okay, hindi na po! Natutuwa lang ako dahil nag-abala kang umisip ng ganito para lang pasayahin ako.” Nag-ulap ang kanyang mga mata. Naging maagap ang kausap na pahirin ang mga luhang di pa man bumabagsak.

“Hey, kaya kita dinala dito’y para mag-enjoy, hindi para mag-emote. Okay lang kahit pagtawanan mo ako buong maghapon, Gwen. Just don’t cry. Ayokong nakikitang umiiyak ka.”

Lalong napuno ng tuwa ang kanyang puso. “Tears of joy ito, Bryce.”

“Kahit pa! Basta, ayokong umiiyak ka.” Muli nitong tinuyo ang kanyang mga mata. If only he would kiss her, makokompleto na ang saya niya. But it’s like asking for snow in mid-summer.

“Mabuti pa, imbis na magdrama, kumain na lang tayo.” Binuksan nito ang pinto ng treehouse at sinenyasan siyang pumasok. He flipped a switch at bumaha ng liwanag sa maliit na silid.

“The round table awaits you, my Queen!”

Muli siyang napahagikgik.

Kung maganda sa labas, lalong nabighani ang dalaga sa loob ng makeshift na bahay. Ang round table ay nasa gitna. May dalawang life-size teddy bear na magkatabi sa isang banda, isang blue at isang pink. Sa dingding ay nakasabit ang mga framed photos nilang dalawa, mula noong mga bata sila, and some stolen shots of her na hindi niya alam ay kinunan ni Bryce.

“Oh, God! B-Bryce... this is...”

“O, sabi ko walang iyakan!”

Inakbayan siya ng kaibigan at kiniliti sa tagiliran. That made her laugh. Naiinis na humiwalay siya rito at pinalo ito sa braso. Tumatawang muli siyang niyakap ng binata.

Magkatabi silang naupo sa sahig, katapat ng mababang mesa. Nakahain na ang isang family size Hawaiian pizza na favorite niya, isang bucket ng chili chicken wings na may kapartner na mayo dip, isang bowl ng fresh vegetable salad at isang 1.5 litre na Coke.

“Okay!” Pinagkiskis ni Bryce ang dalawang palad, another mannerism nito na ikinatatutuwang niya. “Kain na tayo.”

Nilagyan ng binata ng pagkain ang plato ni Gwen at hindi kumain hangga’t hindi siya unang sumusubo. Nakangiti itong sumalo sa kanya.



“Bakit King Arthur’s Court?”

Tapos na silang kumain at magkatabing nakahiga sa terrace.

“Ikaw si Guinevere, di ba? You’re King Arthur’s queen.”

“Eh, sino naman si King Arthur? Ikaw?”

He chuckled. “P’wede rin. Although mas gusto kong maging si Lancelot.”

Lancelot was Guinevere’s true love. Nakakahalata na ba si Bryce sa tunay niyang damdamin? May pagtingin din kaya ito sa kanya, pagtinging higit sa kaibigan?

Baka naman mas type lang talaga niyang maging knight kaysa isang king. Huwag kang basta umasa, a small voice warned her.

Sa halip na magsalita ay piniling manahimik ni Gwen. Kontentong humimlay na lamang siya sa tabi nito. Ganoon ang ayos nila nang may ilang minuto. Magkatabing nakahiga at nakatitig sa pagbabago ng kulay ng kalangitan, dala ng paglubog ng araw. They’re not even touching, pero panatag siya sa pagiging malapit ni Bryce. She’d rather lie with him like this all day, than spend it dancing her heart out somewhere with someone else.

“Sandali, may nakalimutan ako. Dito ka lang.”
Bumaba ito sandali at pumasok sa mansion. Pagbalik ng kaibigan ay may dala itong camera. Hindi isang DSLR kundi isang lumang Polaroid camera.

Humiga itong muli sa kanyang tabi.

“Gumagana pa ba iyan?”

“Oo. Sinubukan ko kahapon.” Inayos nito ang camera, at umakmang kukuha na ng shot. “Say cheese!”

Habang magkadikit ang kanilang mga ulo ay malapad siyang ngumiti. Isang shot lang ang ginawa nito. At pagkatapos ay sabik nilang hinintay ang paglabas ng na-develop nang larawan.

“See? Sabi sa iyo, gumagana pa.” Iniabot ni Bryce sa kanya ang picture nila. She became speechless. Hindi kasing-ganda ng kuha sa digital camera ang larawan nila ni Bryce. Pero malinaw niyong na-capture ang ngiti nilang dalawa, ngiting umabot hanggang sa kanilang mga mata.

Idinikit ni Gwen ang larawan sa kanyang dibdib, closed her eyes and sighed contentedly.

Silang dalawa ni Bryce, marami na silang pinagsaluhang memories. At lahat iyon ay nakatago sa kanyang puso. Isa ang tagpong ito sa mga babalikan niya. Isa ang tagpong ito sa magpapangiti sa kanya.

